


KAPIT-BISIG

Paghahatid ng mga **IMPORMASYON** para sa kaganapan ng pakikibahagi ng bawat isa bilang mamamayan sa lipunan ng bansang **JAPAN**



WORKMATE ワークメイト
[OFFICE] 2-15-13 Sunshine Yamate 401,
Nakayamatedori Chuo-ku , Kobe-shi Hyogo-ken
[TEL/FAX] 078-779-1572
[E-mail] workmate.office@gmail.com
[HP] <http://www.workmate.jimdo.com>

FILIPINO

Tamang visa na kinakailangan para sa trabaho?

May mga dayuhan na maaari at hindi maaaring magtrabaho sa bansang Japan. Alamin ang mga sumusunod.


- ① Ang mga Permanent visa, Spouse or Child of Japanese National, Long term visa, Spouse or Child of Permanent visa ay maaring magtrabaho kahit saan, mamili at lumipat ng trabaho kahit kailan dahil wala itong limitasyon.
- ② May mga visa naman na hindi maaaring magtrabaho ng iba maliban sa itinakdang trabaho na nakalagay sa visa tulad ng Professor, Artist, Religious activities, Journalist, Investor or Businessman, Lawyer or Accountant, Doctor, Researcher, Education, Skills, Humanities or International Relation, Inter-company transferee, Entertainment, Intern, Special Activities, Trainee, ect. Ang mga nabigyan ng visa sa ganitong uri ng trabaho ay hindi maaaring magtrabaho ng iba. Maaaring makasuhan ng immigration ng paglabag sa batas na working without permission. Kung nais magtrabaho ng iba, kinakailangan na mag apply sa immigration ng working permission visa o visa change status.
- ③ Ang mga visa na hindi maaaring magtrabaho sa Japan ay Culture Activities, Student, Relative temporary visa, Tourist visa. Subalit pinapayagan ang mga studyante na magpart-time ng 28 oras sa loob ng isang Linggo para sa mga Kolehiyo, 14 oras sa loob ng isang Linggo para naman sa mga Researcher, at 4 oras naman sa loob ng isang araw para sa ibang mga mag aaral.

Pilipino sa Japan at Hyogo Prefecture

Ayon sa talaan ng Ministry of Justice para sa taong 2014 buwan ng Hunyo, ang bilang ng mga Pilipinong naririto sa bansang Japan ay nasa 213,923 katao. Kabilang dito ang tulad ng mga nabanggit sa itaas ① ang mga Permanent visa na may bilang na 113,749. Spouse or child of Japanese National na may bilang na 29,883. Long term visa na may bilang na 43,108, ang mga ito ay maaaring magtrabaho ng walang limitasyon. Ayon naman sa nabanggit sa

② sa itaas, ang bilang ng mga Intern ay tinatayang nasa 12,356. Nasa 97 katao naman ang mga Propesor, at 227katao ang mga may visa para sa religious activities, gayundin sa Education ay nasa 313 katao, at maging ang mga estudyante ay umaabot sa 851 katao.

Hyogo Prefecture Foreign residents	
Korea	48157
China	29709
Vetnam	5204
Philippines	3529
Brasil	2502
United State	2269
Peru	850
Taiwan	1105
Others	9210
Total	96541



PAANO BA ANG MAGHANAP NG TRABAHO SA JAPAN?

Nariryan ang PUBLIC EMPLOYMENT SECURITY OFFICE o Hello Work

Maaaring kumunsulta sa mga Public Employment Security Office ang mga dayuhan na nagnanais na maghanap ng trabaho subalit may sapat na bisa o permission to work. May mga Public Employment Security Office din naman na may corner para sa mga dayuhang nangangailangan ng interpreter.

Nariryan din ang mga HUMAN RESOURCES OFFICES at PLACEMENT AGENCIES

Pagkakaroon ng kontrata sa mga lisensyadong agency upang makapagtrabaho bilang care giver o di naman kaya ay sa mga pabrika. Sa bawat agency ay may kani-kaniyang kundisyon ang mga ito kaya naman sa oras ng interview siguraduhin na magtanong kapag may hindi nauunawaan. At sa mga placement office naman ay tagapag pakilala lamang ito ng mga trabaho at walang ginaganap na kontrata sa pagitan nito.

MGA BAGAY NA DAPAT TANDAAN KAPAG MAGTA-TRABAHO

Maliwanag ang mga kundisyon sa kontrata. Hindi ito forced labor o exploitation. Pagnatangal sa trabaho ng wala sa ayos (*Kapag ang isang empleado ay tatanggalin sa trabaho, kinakailangan na ito ay ipapaalam ito sa empleyado, 30 araw bago sumapit ang takdang araw ng terminasyon. Kapag hindi ito ginawa ng employer kinakailangan na magbayad ang employer sa empleyado ng 30 araw na suweldo kapag wala sa panahon ang terminasyon.*) Pag labag sa kontrata ng napagkasunduang suweldo. Paglalagay sa kontrata ng compensation for damages (*kapag nag resign sa trabaho ang empleyado kinakailangan na maibigay ng employer ang kakulangang suweldo nito sa loob ng isang lingo matapos ang pagr-request nito*). Hindi dapat na bababa ang suweldo sa minimum wage, hindi lumalabag sa oras na pagtatrabaho, may sapat na pahinga (*Ayon sa batas para sa tamang oras ng trabaho ay 8 oras sa isang araw, 40 – 44 oras sa isang lingo depende sa uri ng trabaho, at 1 araw na pahinga sa isang lingo o 4 na araw sa isang buwan.*) Kapag lagpas sa oras o araw ng holiday ay may trabaho, (*ayon sa batas kinakailangan na madagdagan ang suweldo ng 25% para sa lumagpas na oras ng trabaho, at 35% naman ang dapat idagdag kapag pumasok sa araw ng holiday, gayun din naman sa mga may trabaho na panggabi mula alas 10 ng gabi hanggang alas 5 ng umaga ito ay kailangan na may dagdag na 25%.*) Ayon di sa batas, kapag nagtrabaho ng dere-derecho sa loob ng 6 na buwan ay maaaring gamitin ang 10 araw na paid leave. Palaging dalahin ang inyong residence card (ugaliing dala ang inyong residence card at huwag na huwag ipapaubaya sa ibang tao) Mayroong tinatawag na “Koyo Hoken” Employment insurance na maaring gamitin kapag kayo ay nawalan ng trabaho, na-terminate man kayo o kayo man ay nagesign.


Kapag kayo ay huminto na sa trabaho at nais umuwi sa sariling bansa, maaaring mag apply upang maibalik sa inyo ang inyong binayarang pension deduction.

Kumunsulta po lamang sa Workmate



Workmate

coordinates and consults about employment of migrants.



フィリピン人の日本での仕事は？

日本の法律では、働くことができる外国人と働くことができない外国人に分けられています。

① 職業の制限が全くない資格＝「永住者」、「日本人の配偶者等」、「永住者の配偶者等」、「定住者」

仕事に制限は全くありません。どんな職業でも就労することができ、また、他の職業に転職することも自由です。

② 決められた職業で働く資格＝「教授」、「芸術」、「宗教」、「報道」、「投資・経営」、「法律・会計業務」、「医療」、「研究」、「教育」、「技術」、「人文知識・国際業務」、「企業内転勤」、「興行」、「技能」、「特定活動」(ワーキングホリデーや技能実習生等)

決められた仕事の内容以外、他の活動又は仕事を行う場合は、入管で資格外活動の許可又は在留資格変更の許可が必要。

③ 日本で仕事につくことができない資格＝「文化活動」「留学」「就学」「家族滞在」

留学生や就学生のアルバイトについては、留学生は1週28時間以内(大)学等の聴講生・研究生は1週14時間以内)、就学生は1日4時間以内で勉強活動を阻害しない範囲で許可されます。

2014年6月の法務省の統計では、フィリピン人の登録数、213923人ありました。そのうち上記の①に当たる人が多く、永住者113749人、日本人配偶者が29883人、定住者(日本人の子どもや親など)43180人が、自由に仕事ができる人たちです。上記②の場合、実習生、技能実習生は12356人、教授97人、宗教活動227人。教育313人います。③の留学生は851人います。

日本で仕事を探すには？

・公共職業安定所・ハローワーク

公共職業安定所では、日本で就労可能な在留資格を持ち、日本で働くことを希望する外国人に対して、職業相談、職業紹介を行います。

また、通訳を配置した「外国人雇用サービスコーナー」のある公共職業安定所もあります。

・派遣会社、職業紹介所

労働者派遣事業の許可を受けている事業主と契約をして、介護などの他の仕事場に派遣されます。派遣会社によって条件が違うのでよく面接のときにききましょう。職業紹介業の会社は雇用契約を結ばず、仕事の紹介だけをします。

仕事をするとき気をつけること

労働条件が明示されていること。強制労働・中間搾取の禁止。解雇の予告(労働者を解雇する場合には、原則として30日以上前に予告する必要があります。30日以上前に予告しない場合には30日に不足する日数分の平均賃金額(解雇予告手当)を支払う必要があります。

賃金の労働契約の不履行について違約金、損害賠償額等を予定する契約の禁止支(労働者が退職する場合には、未払いの賃金等を、請求後7日以内に支払わなければなりません。最低賃金、労働時間、休日(法定の労働時間は、1日8時間、1週40時間(一部の規模・業種の事業場については44時間)法定の休日は、週について1日又は4週について4日以上とされています。

時間外・休日労働及び深夜労働の割増(法定の労働時間を超える労働に対しては、通常の労働時間又は労働日の賃金の25%以上の率、法定の休日における労働に対しては、35%以上の率で計算した割増賃金が支払われることになっています。さらに、深夜(午後10時から午前5時まで)における労働に対しても、25%以上の率で計算した割増賃金が支払われる必要があるとされています。

年次休暇(6カ月間継続勤務し、全労働日の8割以上出勤した労働者に対しては、年次有給休暇が与えられることになっています。

パスポートの保持(外国人は旅券又は外国入登録証明書を常時携帯する必要があります。旅券を他人に預けないようにしましょう。

雇用保険(雇用保険制度は、在職中の労働者の雇用の安定を図り、失業中の労働者に対して、生活の安定と再就職の促進のために失業等給付を行うものです。解雇されたり、自分で仕事をやめた場合でも失業保険の給付を申請できます。

仕事をやめて帰国したら、年金脱退一時金の受け取り申請ができます。 Workmate に相談してください!

Ikaw ba ay Handa sa Panahon ng Kalamidad ?

Ang kalamidad ay nangyayari sa di inaasahang pagkakataon, kaya naman makakabuti na dapat tayo ay laging handa bago pa man dumating ang kalamidad.

Ang ilan sa mga paghahanda na ito ay 1. Alamin kung nasaan ang pinakamalapit na ligtas na lugar at evacuation center, 2. Gumawa ng listahan para sa emergency contact number, 3. Pag-usapan ng pamilya at tandaan kung nasaan ang ligtas na lugar para sa paglikas, gayun din ang numerong maaring tawagan upang ipaalam ang inyong kaligtasan at kinaroroonan, 4. Paghahanda ng bag na naglalaman ng kopya ng inyong pasaporte at residence card, flashlight, tubig na inumin, pagkain, lighter na pangsindi, kandila, guwantes, damit pangloob, kumot, baryang pangtawag sa mga public phone, etc.

May iba't ibang uri ng kalamidad, kaya naman iba't iba rin ang paraan ng paglikas nito. Naririyang ang paglindol, pagbaha, tsunami, malakas napag-ulan na nagiging sanhi ng pagguho ng mga kabundukan at malakihang sunog. Isa ang bansang Japan sa mga nakakaranas ng madalas na paglindol. Kung ating gugunitain, sa isang iglap marami ang nagbuwis ng buhay at mga pag aari na nawalang parang bula sa pangyayaring Hashin-Awaji Earthquake, at sa nagdaang Eastern Japan Earthquake.



Kaya naman kailangan nating maging handa hindi lang sa materyal gayun di sa kaisipan upang sa ganoon ay maiwasan ang pagdami ng biktima ng kalamidad. Kapag nakaramdam ng pagyanig, siguraduhin ang inyong kaligtasan, hanggat maaari magtago sa mga ilalim ng lamesa sa loob ng dalawang minuto at pag humupa ang pagyanig, alaming mabuti ang paligid, i-off ang gas at buksan ang lahat ng pintuan upang masiguro ang madadaanan sa paglikas.

Mag ingat din sa mga tsunami at aftershock pagkatapos ng unang pagyanig, kaya naman makinig mabuti sa mga telebisyon, radyo, at mga nagro-rondang sasakyan na naga-announce tungkol sa kalamidad o mula sa Hyogo E-net. Magpa-rehistro sa Hyogo emergency net <http://bosai.net/e/en/regist/start.do> upang makatanggap ng mga impormasyon tungkol sa kalamidad mula sa iba't ibang wika. Maaari ding gamitin ang telephone dengon dial service ng NTT(dial 171) sa panahon ng kalamidad para makapag iwan ng mensahe na kayo ay ligtas dahil maaring hindi magamit ang mga telepono sa mga apektadong lugar.

Gayun din naman sa panahon ng bagyo, making mabuti sa mga weather forecast at maghanda sa paglikas kapag may evacuation advisory. Makabubuting lumikas ng maaga ang mga pamilyang may alagang bata at matanda kung sa inyong palagay na magiging delikado ang inyong lugar.



Kapag nagtamo ng malaking pinsala sa inyong tinutuluyan ng dahil sa kalamidad, maaari kayong makatanggap ng tulong pinansyal mula sa gobyerno subalit kakailanganin ng tinatawag na "Risai shomei-sho" mula sa munisipyo.



「備えあれば憂いなし」・・・災害に備えておきましょう！

- ① 日本のコトワザ「備えあれば憂いなし」という意味は、何かがおきるまえに準備しておくことと心配ないという意味。
 - ・安全な場所や連絡先について、家族と話し合っておく。家や家具が安全かどうかチェックする。
 - ・みんなでどこに逃げるか決めておく。みんなで避難所の場所を覚えておく。どこに連絡するか決め、電話がかからない場合があるので、離れた場所に住む友人や家族の番号を覚えておく。
 - ・非常用もちだしバッグに大切なものを入れて用意しておきましょう。
 キャッシュカード、お金、貯金通帳など貴重品、パスポート、在留カード、健康保険証、懐中電灯、バッテリー、ろうそく、マッチ、薬、十分な飲み水、調理済みの食料品、服、下着、タオル、手袋、ブランケットなど。

② 災害情報を得る方法

テレビ、ラジオ (FMCOLO76.5, FMYY77.8)、広報車、ひょうご防災ネット(ひょうご E ネット) ひょうご防災ネット(ひょうご E ネット <http://bosai.net/e/>) は多言語で情報を発信しています。
<http://bosai.net/e/en/regist/start.do> へ登録すれば災害情報が E-MAIL で送られます。

災害が起きたら

災害は、いろいろな種類があるので、その災害によって避難の仕方が変わります。
 地震(じしん)、洪水(こうずい)、崖崩れ(がけくずれ)、土石流(どせきりゅう)、地滑り(じすべり)、高潮(たかしお)、津波(つなみ)、大規模な火事(だいきぼなかじ)、一時的な大量の降雨による浸水(しんすい)、火砕流(かさいりゅう)などの火山現象。

地震(じしん)が起きたら

- ・揺れはじめたら→机の下などに 2 分くらい避難。経過したら回りをよく見て、逃げる道を探します。火やガスを消して、家族の安全を確かめます。すべてのドアを開けておきます。非常用バッグを近くにおいておきましょう。
- ・テレビやラジオで状況を確認します。
- ・家には危ないときは避難所に行きましょう。歩くときは周囲のものが倒れてこないか気をつけましょう。
- ・地震が起きたあとにくる余震に注意しましょう。

津波がくるときの注意

海で地震が起きたときに津波が起こります。テレビやラジオでめので、すぐに海から遠く、高いところに逃げましょう。津波は何度も来るので安全になってから家に戻りましょう。

台風がくるときの注意と洪水に警戒

強い台風がくるときは窓や扉を補強しておきます。シャッターがある場合は閉めておきましょう。テレビアンテナや庭の花壇も注意しましょう。停電になる場合があるので、フラッシュライトや携帯ラジオは役に立ちます。大雨の場合、地滑りの危険がないか、安全な場所であるかを確認しておきましょう。心配がある場合は、市役所で調べてもらえます。

さいがいの つかうにほんご **災害のときによく使う日本語**



- ちゅういほう **【注意報】**・・・災害が起こるかもしれないというお知らせ
- 【警報】**・・・もっと大きな災害が起こるかもしれないというお知らせ
- 【避難勧告】**・・・逃げてください というお知らせ
- 【避難指示】**・・・逃げなさいというお知らせ

被害が大きい時には被災証明書が交付され、援助があるので、市、区役所でもらってください。

連絡できない時の災害用伝言ダイヤル 1 7 1

Mga PINOY ayon sa mga HAPON (Interview)

Mula kay Ikeguchi-san Ang napupuna ko sa mga Filipino ay may kani-kaniyang grupo ang mga ito. Para sa aming mga Hapon, nais namin na magkatulungan ang bawat isa. Subalit ang mga Filipino ay nakikitang nagtutulungan nga pero walang pagkakaisa. Ang isa pang napuna ko sa mga Filipino ay para bang normal lang na dapat sila ay tulungan dahil nangangailangan. Kabaliktaran naman ng mga hapon, kahit na naghihirap at kumain man ng dalawang beses lang sa isang araw, kahiya-hiya ang tumanggap ng tulong lalong lalo na sa tinatawag na “Seikatsu-hogo”. Kaya nga may mga Hapon na nababalitaan na may namamatay na lang sa kanilang tahanan dahil sa gutom o di naman kaya ay nagsusumikap na masuportahan ang sarili. Pero alam din naming mga Hapon na dapat talagang tulungan ang mga talagang nangangailangan. Tulad nalang ng mga Filipina na naging asawa ng mga Hapon, hindi masisi ang mga lalaking hapon na mahulog ang loob ng mga ito sa mga Filipina, dahil taglay ng mga Filipina ang mga magandang katangian ng mga Haponesa nung unang panahon. Pero nang dahil sa mga iba’t ibang kadahilanan, nagkakahiwalay ang mga ito. At bilang tao kinakailangan na tulungan sa mga ganitong pagkakataon ang mga nangangailangan.

May mga Filipina din na hindi halos nakikihalubilo sa mga Hapon bagkus puro sa kapwa Filipino nakikisalamuha, kaya naman hindi pa gaanong makapag salita ng wikang Hapon. Nakakainggit ngang tignan ang mga Filipino lalo na kapag may kasayahan o party, subalit hindi na iniisip ang mga nasa paligid at naguusap-usap na lamang sa sariling wika. Ang tanging masasabi ko para sa mga Filipino lalo na sa mga magulang na may anak ng Hapon at magtatagal ang paninirahan sa bansang Hapon, alang alang sa kapakanan ng mga anak, damihan pa ang pakikihalubilo sa mga Hapon upang madagdagan ang kaalaman sa kultura at wikang Hapon. Kung talagang iniisip ang kapakanan ng mga anak, hubugin hindi lamang sa panglabas na kaanyuan ang mga anak kundi pati sa kalooban. Huwag hayaan na maging spoiled ang mga anak. Makabubuti na palakihin ang mga anak sa pamamaraan ng bansang Hapon kasabay din ang pamamaraan ng sariling bansa, nang sa ganun makita kung ano ang naaayon sa pamumuhay sa bansang Hapon ng inyong mga anak. At kapag hindi nadagdagan ang kaalaman sa wikang Hapon, magiging sanhi ito ng communication gap sa mga anak. Kung sa palagay ng mga Filipino ay makalumang pagiisip ito, wala din naman sigurong masama na pakinggan ang opinyon ng mga katulad kong makaluma. Ipakilala ang mga magagandang bagay ng mga Filipino subalit huwag kalilimutan na naririto kayo sa bansang Hapon.



日本人からみたフィリピン人は・・・

フィリピン人の人たち、よくグループで集まっているけれど、日本の人たちとずっと、交流すればいいのではないかしら？日本の文化やことばをもっと知ってほしいですね。これからも子ども達と一緒に日本に住んでいくのだったら必要なことだと思いますよ。

Workmate Programs October, November and December

Seminar and Charity Flea Market Sunday, December 7th, 2014

At 11:00 ~ 16:30 Kobe Center for Overseas Migration and Cultural Interaction

Nagko-coordinate din po kami ng Japan Tour para sa mga Pilipinong nagnanais mamasyal sa mga lugar sa buong Japan.

Kung mayroon pong mga katanungan tungkol sa aming mga activities at services, huwag pong mag-atubili, kumontak po lamang sa telephone, fax, or e-mail.

WORKMATE TEL/FAX 078-779-1572

E-MAIL workmate.office@gmail.com

● Tagalog Class for Beginner

Every Tuesday 15:00-17:00

One Lesson Fee ¥3000 text include

● Japanese Class for JLPT

(Japanese language Proficiency Test)

Every Saturday afternoon

One Lesson Fee ¥1000

AXCY Co.,LTD. Human Resource Agent

Caregiver (KAIGO) job available
in Kobe & Osaka area.

Non-experience & Non-Licensed person
can apply Basic training program is provided




Salary: ¥900- ¥1,000 (depending on your experience)
Hour: Rotation shift (Minimum 3 hours, Maximum 8 hours)
Day: 3 days a week or more
Benefits: Transportation allowance, Health Insurance
Requirement: Proper visa, Basic Japanese communication skill

Feel free to call

078-843-0273 or 070-1313-0289

Contact YAMADA (English / Japanese)

* 50 Philippine caregivers are working
through our agent now *



Masaya kapag may party
para sa binyag, birthday,
debut, graduation, kasal,
event, etc. Kaya lang
nakakapagod ang magluto at
magligpit. Naririto na po
para sa inyo ang CATERING
SERVICE ng bayan. Ang
LUTO NI INAY!

Call 09098875092

Luto ni Inay
母の料理
Catering Service
仕出しサービス
Liza Hisanaga



Contact #: 090-9887-5092 (Soft Bank)
E-mail: twinguy8585@yahoo.com
Facebook: <http://facebook.com/liza.hisanaga>

TRY YOUR ADS HERE! 広告募集中 (こうこくぼしゅうちゅう) !

Ating subukan ang lutong Japan!!! [TENDON] Serves 4

[Ingredients]

8~12 shrimps
1/4 of pumpkin
1 onion
3 green peppers
*Add your favorite vegetables!

<koromo>

100g flour
1 egg
water

<Tsuyu(Sauce) for Tendon>

300cc Dashi
60cc soy sauce
45cc Mirin
15cc Sake
15cc sugar

Oil for frying veg. and shrimps
Cooked rice

天井=てんどん=てんぷら どんぶり

(Tempura Donburi)



[Directions]

- ① Add all ingredients for TSUYU into a pot and Stew it. Before it will be boiled, turn down a heat and cook it over low heat for 5~10 mins.
- ② Preparing to cook shrimps. Leave the tails, take away all the shells of shrimps. Take out the black entrails located on the back of a shrimps. Make three cuts inside of the curl, so you can make the shrimps stay straight.
- ③ Cut pumpkins into 7~8mm thin. Cut onions half than cut it into a sectors. Cut green peppers into 2 or 3 cuts.
- ④ Make a deep fried vegetables. Turn on the heater of pot and make an oil up to 180°C. In another bowl, mix an egg and water to make total amount of 130g. Add flour to the egg and water. Put koromo to the vegetables and fry them.
- ⑤ Put cooked rice into the DONBURI and put some Tsuyu. Make rest of Tsuyu warm with the heat. Dip fried vegetables with Tsuyu and put vegetables on the rice.



BEGNES
 3-1-14 SunshiPort Build. 605,
 Hachiman-dori Chuoku,
 Kobe-shi
 TEL078(891)7310

“Caregiver job” will be more necessary for Japanese society, so more staffs are needed. You can start without experiences. We have been working as an agency for years and know many working places around KOBE and others.

You can work as BEGNES temporarily staff at each working place for 12 months, and after 12 months you may get fixed work there. **Let’s find the place of work which matches you best together with BEGNES!!!**

Job: Caregivers

Salary: ¥1000/hr ~

Time: (Basic) 9:00~18:00 There are also Early time, Night time available


Day: Please inquire

Job Location: HigashiNada-ku, Nada-ku, Chuo-ku, Hyogo-ku, Suma-ku, Nisi-ku, Tarumi-ku, Kita-ku, Nishinomiya-shi, and Ashiya-shi etc.

Benefits: Transportation allowance and social welfair

Requirement: Please inquire

《How BEGNES HAKEN system works for you》



While you are temporary employed, you can have consultation with **BEGNES** any time when there are problems, misunderstanding, miscommunication etc.